**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES**
DILIMAN QUEZON CITY
VOIP TRUNKLINE: 8981-8500 LOCAL: 2558; 2556
DIRECT LINE: (632) 8981-8505, (632) 8981-8506
(632) 8981-8508
E-MAIL: chancellor.updiliman@up.edu.ph

**OFFICE OF THE CHANCELLOR**

20 April 2026

MEMORANDUM BLG. ECLV-26-016

PARA SA : BUONG KOMUNIDAD NG UP DILIMAN

PAKSA : PAGDIRIWANG NG LINGGO NG PARANGAL 2026

Ang buong komunidad ng UP Diliman ay malugod na inaanyayahang makilahok at dumalo sa mga programang inihanda para sa darating na **Linggo ng Parangal 2026** na may temang **Nilinang sa Kalinga.**

Umiiral sa ating mundong ginagalawan ngayon ang mabilis at matinding pagbabago na dulot ng pagbabago sa klima, mga inobasyon sa teknolohiya, at mga palitan at tagpuan ng mga ideolohiya, kaalaman, at iba't ibang gawi na dala ng globalisasyon. Sa isang banda, ito ay nagbubunga ng mga makabagong pananaw na maaaring magbigay ng lunas sa mga problemang dinaranas ng iba't ibang komunidad sa ating lipunan. Subalit, marapat na alalahaning hindi lahat ay may kakayahang sumabay sa agos ng pagbabago.

Sa pagsasakatuparan ng Unibersidad ng Pilipinas ng kanyang mandato na mag-alay ng kahusayan at kakayahan para sa kaunlaran ng ating bansa, kinakailangan ang malalim at tapat na pag-unawa sa kalagayan ng bawat miyembro ng ating komunidad upang masiguro ang kanilang maayos at mapayapang pamumuhay. Magagawa lamang ito kung isasabuhay natin ang tunay na diwa ng unibersidad–ang paggalang sa kaalaman, kasanayan, at danas ng bawat isa–upang makapaghatid ng serbisyong makabuluhan at mapapakinabangan ng lahat.

Pinararangalan sa taong ito ang mga natatanging mag-aaral, guro, at mga kawaning nagpamalas ng mga pagkilos at gawaing nakalapat sa mga makatotohanang danas ng mga komunidad sa kanilang pagsaloob sa hangarin ng Unibersidad na magsulong ng isang progresibong lipunan.

Narito ang mga programang inyong matutunghayan sa Linggo ng Parangal 2026:

| PROGRAMA | PETSA | LUGAR |
|---|---|---|
| Pagbubukas ng Linggo ng Parangal | 4 Mayo, 9:00 n.u. | *G.T. Toyota* |
| Parangal sa mga Mag-aaral | 4 Mayo, 2:00 n.h. | *Teatro ng Unibersidad* |
| Parangal at Pagkilala sa mga Kawani at Retirado | 6 Mayo, 8:30 n.u. | |
| Gawad Tsanselor 2026 | 8 Mayo, 2:00 n.h. | *IB Auditorium* |

Bukas sa lahat ang mga nabanggit na programa sa itaas. Samantala, gaganapin naman ang *Chancellor's International Reception* 7 Mayo 2026, 6:00n.g. para sa mga piling panauhin.
Maraming salamat sa inyong patuloy na pagsuporta.

EDGARDO CARLO L. VISTAN, II
Chancellor